

Balik Scientist Law inaprubahan na ni Pangulong Duterte

Ni Allyana A. Almonte, DOST-STII

Muling gumawa ng kasaysayan ang siyensya sa bansa nang pirmahan ni Pangulong Rodrigo A. Duterte ang Balik Scientist Law noong ika-15 ng Hunyo 2018 sa ilalim ng Republic Act No. 11035 o mas kilala bilang "Act Institutionalizing the Balik Scientist Program." Ito ay naglalayong magbigay ng mas maraming insentibo sa mga Pilipinong eksperto, siyentipiko, imbentor, at inhinyero na nais bumalik at tumulong sa pagpapaunlad ng bansa.



Nagpapatibay ang batas na ito sa implementasyon ng Department of Science and Technology (DOST) Balik Scientist Program na nabuo noong 1975 sa pamamagitan ng Presidential Decree No. 819. Dahil sa implementasyong ito, ilang mga Pinoy scientist na ang umuwi sa bansa upang magturo sa mga unibersidad at kolehiyo, at ibahagi ang kanilang mga pag-aaral na may kinalaman sa pagpapaunlad ng bansa.

Sa pamamagitan ng Balik Scientist Law, ang isang scientist ay maaaring makiisa sa mga Grants-in-Aid na proyekto ng DOST. Ang grant ay maibibigay sa Balik Scientist sa pamamagitan ng host institution ng proyekto alinsunod sa mga regulasyon ng gobyerno at sa pangangailangan ng naturang programa.

Maliban dito, ang isang Balik Scientist ay makikinabang sa iba't ibang benepisyo kagaya ng tax at duty exemption, libreng medical at accident insurance, reimbursement, maging ang exemption nila sa pag-renounce

Mga Nilalaman

DOST inilunsad ang Unified Food Safety Training Modules	p2
Buwan ng Hunyo idineklarang 'Dengue Awareness Month'	p3
4 na Solar-Powered STARBOOKS handog sa 2 high school sa Oriental Mindoro	p4
LarawaNews	p4



ng kanilang oath of allegiance sa bansang kanilang pinanggalingan.

Dagdag pa rito, mabibigyan din sila ng special working at non-working visas, isang round-trip fare, exemption sa local travel tax, at visa application na may subsididiya mula sa DOST.

Ang mga Balik Scientist awardee ay magkakaroon din ng relocation benefit, job opportunity para sa kanilang asawa, pag-aaral para sa kanilang mga anak, monthly housing accommodation allowance, at tulong pinansyal para sa pagpapatayo ng mga kinakailangan nilang pasilidad sa pananaliksik o laboratoryo.

"Malaking tulong ang batas na ito upang mahikayat ang mga Pinoy scientist na bumalik sa bansa at tumulong sa pagpapaunlad sa bayan at sa buhay ng mga Pilipino. Matutugunan din ng batas na ito ang

kakulangan ng bansa ng siyentipiko, upang makasabay na tayo sa ating mga kapitbahay na bansa sa Asya na mas marami ang nagtatrabaho sa research and development," ani Senador Paolo Benigno "Bam" Aquino IV, ang primerang sponsor at may akda ng Balik Scientist Law.

Ayon naman kay DOST Secretary Fortunato T. de la Peña, importanteng palakas ang Balik Scientist Program upang mapunan ang mga kakulangan ng bansa sa mga eksperto sa space technology, artificial intelligence, biomedical engineering, energy, agriculture, food technology, biotechnology, information at communications technology, pharmaceutical, disaster mitigation and management, environment and natural resources, electronics, genomics, health,

DOST inilunsad ang Unified Food Safety Training Modules

Ni Myrrh Caithlin L. Gutierrez at Rochelle L. Cruz, DOST-IV A



Pinangunahan ni DOST Sec. de la Peña (ikalima mula sa kanan) ang paglulunsad ng Unified Food Safety Training Modules

Dahil sa pagtutulongan ng ibat-ibang ahensya at institusyon, inilunsad ng Department of Science and Technology (DOST) ang Unified Food Safety Training Module para sa mga micro, small, at medium enterprises (MSMEs) sa sektor ng pagkain noong ika-8 ng Hunyo 2018 sa Titanium Auditorium ng Metals Industry Research and Development Center (MIRDC), sa Bicutan, Taguig City.

Ang paglulunsad ay pinangunahan ng DOST-IV A, na pinamumunuan ni Dr. Alexander R. Madrigal. Naroon din si DOST Sec. Fortunato T. de la Peña na siya ring nagsilbing pangunahing tagapagbigay ng mensahe. Ibinahagi ni Dr. Alonzo A. Gabriel, propesor sa University of the Philippines (UP) Diliman, ang kanilang pinagdaanan sa paggagawa ng training module. Nagbahagi ng mensahe galing sa kani-kanilang ahensya sina Dr. Elmer T. Ferry, assistant regional director ng Department of Agriculture (DA)-IV A at Pilar Marilyn P. Pagayunan, direktor ng Food and Drugs Administration (FDA)-Center for Food Regulation and Research.

Sa pangunang pagbati ni Dr. Madrigal, ibinahagi niyang ang mga training module na ito ay bunga ng pagpapagal ng iba't ibang ahensyang nagtutulongan upang matugunan ang pangangailangan ng mga MSMEs sa sektor ng pagkain sa bansa. Nakita umano ng mga

ahensyang ito ang pangangailangan ng mga negosyanteng umayon sa mga regulasyong isinasaad ng lehislasyon ukol sa food safety. Ayon sa kaniya, ang layunin ng unified training module ay pag-isahin ang ginagamit na materyal ng 17 rehiyon ng Pilipinas.

Sa mensahe ni Sec. de la Peña, ibinahagi niyang ang mga training module na ito ay magandang panimula patungo sa pagkamit ng dalawa sa mga Sustainable Development Goals (SDG). Ito ay magiging isang paraan upang tuluyan nang mabawasan ang bilang ng mga taong nagugutom sa bansa at upang tumaas ang kalidad ng kanilang pamumuhay. Dagdag pa niya, ang mga training module rin ay isang tugon sa panawagan ni Pangulong Rodrigo A. Duterte na siguraduhing pantay-pantay ang pagkakatrato sa maliit o malaki mang mga negosyo, at siguraduhing mayroong potensyal ang mga ito upang lumago. Pinuri rin ng Kalihim ang lahat ng nagbuhos ng panahon at pagsisikap upang matugunan ang pangangailangan sa paggagawa ng mga training module na ito. Hinamon niya ang bawat isa na maging sangkap upang makamit ng lahat ng Pilipino ang nararapat na nutrisyon at upang matiyak na mayroong ligtas na sistema ng pagkain ang buong Pilipinas.

Ang paglulunsad ng DOST Unified Food Safety training Module ay pinangunahan

ng mga opisyal ng DOST, Food and Drugs Administration, Department of Agriculture, UP Diliman, at Department of Trade and Industry. Ang bawat module ay binubuo ng mga presentasyong akma para sa mga magtuturo sa mga estudyante. Mayroon din itong pagsusulit tungkol sa tatlong bahagi ng Food Safety: ang Food Safety Hazards, Basic Food Hygiene, at Good Manufacturing Practices.

Ang seremonya ng paglulunsad ay nagtapos sa panghuling salita ni Dr. Mario V. Capanzana, direktor ng DOST-Food and Nutrition Research Institute (FNRI), at ang tagapanguna ng DOST Integrated Food Safety Program. Pinasalamatan niya ang bawat isang nagbahagi ng kani-kanilang kontribusyon sa naturang training modules.

Pagkatapos ng seremonya ng paglulunsad, isang press conference ang ginanap kung saan ang mga opisyal ng DOST, DA, at FDA, kasama ang mga kasangguni sa proyekto ay sumagot sa iba't ibang katanungan galing sa mga tagapagbalita.


Ang lahat ng ito ay bahagi ng pagsusumikap ng DOST upang matugunan at masuportahan ang "Food Safety Act 2013" na nagsasaad ng pagbibigay ng tulong sa mga food supply chains upang makaayon sila sa mga patakaran ng Food Safety. Layunin din nitong matugunan ang bisyon ng DOST na "ligtas na pagkain para sa lahat sa pamamagitan ng Agham, Teknolohiya. At

Balik Scientist... Mula sa pahina 1

manufacturing, nanotechnology, cyber security, at semiconductors. Naniniwala ang Kalihim na ang pagkakaroon ng mga eksperto sa mga larangang ito ay makatutulong sa bansa upang makapagsagawa ng mga proyekto sa research at development.

Layon din ng batas na siguruhing naisasagawa nang tama at tiyak ang resulta ng mga scientific at technological activities ng DOST.

Ilan sa mga kasama ni Senador Aquino sa pagsulong ng batas na ito ay sina Zamboanga del Norte 1st District Representative Seth Frederick R. Jalosjos, Zamboanga del Sur 1st District Representative Divina Grace C. Yu, at Bohol 2nd District Representative at chairman ng Science and Technology Committee Erico Aristotle C. Aumentado. **(Impormasyon mula kay Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII)**



(Larawan mula sa DOST-PCHRD)

Buwan ng Hunyo idineklarang 'Dengue Awareness Month'

Ni Laurence M. San Pedro, DOST-STII

Ayon sa Department of Health (DOH), umabot sa 131,827 na kaso ng Dengue ang naitala sa taong 2017, mas mababa ng 36.9 percent kumpara noong 2016. Gayunpaman, ang Dengue ay nananatiling isa sa mga pinakanakamatay na sakit sa Pilipinas.

Idineklara ang buwan ng Hunyo bilang "Dengue Awareness Month" (Proclamation No. 1204) upang maiwasan at makontrol ang paglaganap ng dengue sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng gobyerno sa mga pribadong NGOs o non-government organizations.

Sa mga nagdaang taon, patuloy ang pagsuporta ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD) sa mga pag-aaral na naglalayong mapabuti ang kasalukuyang kalayagan ng bansa laban sa dengue. Ilan sa mga proyektong sinuportahan ng DOST-PCHRD ay nagwagi ng mga parangal at kinilala sa iba't ibang R&D (research and development) invention contest at exhibit. Katulad ng OL Trap technology na itinampok sa R&D 100 magazine kung saan 100 na teknolohiya ang napili dahil sa naging kontribusyon ng mga ito sa pagpapaunlad ng S&T, at BIOTEK-M Dengue Aqua Kit na nag-uwi ng gintong medalya mula sa ika-46 na International Exhibition of Inventions sa Geneva, Switzerland.

Ang OL Trap technology ay gumagamit ng simple at mga yari nang materyales na siyang

aakit sa babaeng lamok (Aedes aegypti), isang dengue carrier, para mangitlog sa lawanit strip na binabad sa larvicide solution. Ang masisipsip ng strip mula sa solution ang siya namang papatay sa itlog at larvae upang hindi na magpatuloy ang paglaki ng lamok. Sa ngayon, mayroon nang OL Trap kit na mabibili sa mga piling pamilihan sa merkado.

Samantala, ang BIOTEK-M Dengue Aqua Kit ay gawang-lokal na teknolohiya na binuo at dinisenyo upang eksaktong matukoy ang dengue. Gumagamit ito ng isothermal PCR technology kung saan ang nucleic acid ay kinukuha mula sa dugo at isinasama sa mixture. Pagkatapos ng isang oras, magbabago ang kulay ng mixture: berde kung positibo sa dengue at kahel (orange) kung hindi. Ang kit na ito ay abot-kaya kumpara sa mga nabibiling dengue detection kits na ginagamit sa mga ospital.

Para sa kapakanan ng bawat isa, hinihikayat ng DOST-PCHRD ang lahat na sundin ang mga simple ngunit epektibong paraan para maiwasang tamaan ng dengue. Tulad na lamang ng pag-alis o pagtakip ng mga lugar na posibleng pamugaran ng mga kiti-ki dahil sa nakaimbak na tubig, paglagay ng screen sa mga bintana o anumang bukas na parte ng tahanan, paggamit ng mosquito repellent, pagsuot ng mga damit na may mahabang manggas tuwing lumalabas ng bahay, at pagkuha ng bakuna para maiwasang tamaan ng nasabing sakit. **(Impormasyon mula kay Catherine Joy C. Dimailig, DOST-PCHRD)**

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ANGELICA MARIE PAZ
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.



**2018 National Science and
Technology Week
17-21 July 2018**

Mga paaralan sa Oriental Mindoro, nakatanggap ng Solar-Powered STARBOOKS

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*

Apat na solar-powered STARBOOKS o Science and Technology Academic Research Based for Openly Operated Kiosks ay ibinahagi sa dalawang high school sa Oriental Mindoro. Unang nakatanggap ang San Roque National High School (SRNHS) ng STARBOOKS na may kasamang solar panels noong 20 Hunyo 2018 at sumunod naman ang Maujao National High School (MNHS) sa sumunod na araw, 21 Hunyo 2018. Ito ay mula sa pagtutulungan ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) at Telstra Foundation Philippines.

Tinanggap ni Francisco M. Faner, Jr., guro mula sa SRNHS, ang unang dalawang STARBOOKS at mga solar panels sa ngalan ng buong paaralan. "Nakita na ng DOST-STII na luma na ang karamihan sa aming mga libro. Ang STARBOOKS ay magbibigay ng bagong impormasyon para sa mga estudyante at mga guro," sabi ni Faner.

Noong 2014 pa huling nagkaroon ng silid-aklatan ang SRNHS dahil sa kakulangan sa mga silid-aralan. Napag-usapan ng mga guro na kanilang paghati-hatian na lamang ang mga libro, ilagay sa kani-kanilang mga silid-aralan at iwan ang mga natitira sa opisina ng kanilang head teacher. Kasalukuyang may 1,336 na estudyante ang paaralan at 47 ang mga guro.

Nabanggit din ni Faner na napalilibutan sila ng mga Mangyan. Ayon sa kanilang enrollment noong nakaraang taon, hindi bababa sa 1,100 ang kanilang mga estudyante na kung saan 58 porsyento rito ay nabibilang sa mga indigenous people. "Kung pagbabasehan ang percentage, halos parehas lang 'to sa ibang schools sa Oriental Mindoro. Pero kung number of students ang pagbabasehan, kami ang may pinakamarami," ani Faner. Dagdag pa ni niya na kasalukuyang hindi bababa sa 600 estudyante ang kanilang enrollees na nabibilang sa tubo ng mga Mangyan. Ipinaliwanag ni Faner na ang bilang na ito ang pinakamalaki sa buong probinsya.

Ibinahagi ni Faner at ng mga guro na halos araw-araw ang brownout sa kanilang lugar na kung minsan ay umaabot ng buong araw.

Samantala, ikinagalak naman ni Juanita J. Gadon, punong-guro ng MNHS, ang regalong hatid ng DOST at Telstra Foundation sa kanilang paaralan, lalo't napag-alaman nila na ang STARBOOKS ay naglalaman din ng K+12 instructional materials.

Karamihan sa mga libro ng silid-aklatan ng Maujao National High School ay patungkol sa MAPEH (music, arts, physical education, health). Wala silang mga libro para sa mga pangunahing asignatura gaya ng Filipino, Science, Math, at English.



Hindi tulad sa San Roque National High School, ang Maujao National High School ay may iilang estudyante na nabibilang sa mga Mangyan. Ngunit karamihan sa kanila ay mula sa pamilya na kung saan ang pangunahing kabuhayan ay pangingsda at pagsasaka. Kasalukuyang may 627 estudyante at 40 guro ang Maujao high school.

Bilang likha ng STII, ang STARBOOKS ay mayroong audio-visual materials para sa K+12 curriculum ng DepEd, iba't ibang palabas ng DOSTv, mga naka-scan na mga reliable na mga libro, iba't ibang limbag ng Philippine Journal of Science, instructional videos na makatutulong sa livelihood programs, at iba pang S&T materials. Mahigit kumulang na 2,500 STARBOOKS na ang naipamahagi sa buong bansa at anim na rito ay nasa Oriental Mindoro.

LarawaNEWS



Ipinagmamalaki ng buong ahensya si Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña (gitna) matapos siyang gawaran ng honorary degree sa Doctor of Laws (Honoris causa) na ginanap sa 21st Commencement Exercises ng University of the Philippines (UP) Mindanao sa Davao City noong ika-26 ng Hunyo 2018. Iginawad ang honorary degree na ito kay Sec. de la Peña bilang pagkilala sa kaniyang natatanging kontribusyon sa UP at sa ilang dekada niyang paninilbihan sa DOST bilang Undersecretary ng ahensya sa ilalim ng nakaraang dalawang administrasyon. Kasama niya sa pagtanggap ng Doctor of Laws ang kaniyang asawa na si Mariquit Banzon-de la Peña (kanan) at si UP President Danilo L. Concepcion (kaliwa). Ang Doctor of Laws ay isa sa pinakamataas na honorary degree na maaaring igawad sa isang natatanging indibidwal na nagpamalas ng malaking kontribusyon sa kaniyang larangan o institusyon. (Teksto ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII at Larawan mula sa live video ng 21st Commencement Exercises <https://www.facebook.com/UPMindanao/videos/2069541963118394/>)